Mula Sa Puso

Ang buhay ay puno ng agam- agam. Marahil ito ay dahil sa pangamba ng sakuna, kahirapan at ng kamatayan. Ang takot at pangamba ay nagsisimula sa maliit na diwa, hanggang sa ito ay lumaki at hindi na nakakayanan ng isipan kung paano ito maiibsan.

Ang pagkabahala ay matutugunan ng mga kaisipan na ako ay isang tagapangalaga lamang ng mga bagay-bagay sa mundong ito. Ang lahat ay hiram lamang at maari kong gamitin para sa aking pangangailangan, kalusugan at kasiyahan. Lahat tayo ay maaring makinabang dito. Magiging makabuluhan, mapagkalinga at magbibigay ng lubos na kaligayahan kung ito ay mula sa puso at nararamdaman, hindi payak na salita lamang.

Sa pamamahagi, maaring ako lamang ang nakakaalam, ngunit ang bisa at kahulugan ay kusang dumadaloy sa likas na pamamaraan, sa nagbigay, sa tumanggap at sa lahat ng iba pa.

From Brahma Kumaris PH